



## SERBISYO SA MGA TULONG NA BENEPISYO

### BANDILA SA BUROL

#### BAKIT NAGBIBIGAY ANG VA NG BANDILA SA BUROL?

Ang bandila ng Estados Unidos ay ibinibigay nang walang bayad upang balutin ang kabaong ng namatay ng Beterano na nagsilbi nang marangal sa Sandatahang Lakas ng E.U. Ito ay sinasaayos para parangalan ang alaala ng serbisyo sa militar ng Beterano sa kanyang bansa. Isasaayos ng VA ang bandila sa burol upang alalahanin ang mga Beterano na tumanggap ng pagtanggap sa serbisyo bukod sa kahihyan.

- Beterano na nagsilbi sa panahon ng digmaan
- Beterano na namatay sa aktibong tungkulin pagkatapos ng Mayo 27, 1941
- Beterano na nagsilbi pagkatapos ng Enero 31, 1955
- Beterano sa oras ng kapayapaan na tinanggal sa trabaho o pinalaya bago ang Hunyo 27, 1950
- tiyak na mga tao na nagserbisyo sa organisadong sandatahang lakas sa Komonwelt ng Pilipinas habang nasa serbisyo ng Sandatahang lakas ng E.U. at mga tao na namatay sa o pagkatapos ng Abril 25, 1951.
- Mga dating tiyak na miyembro ng Piniliping Milisya

#### SINO ANG KARAPAT-DAPAT NA TUMANGGAP NG BANDILA SA BUROL?

Sa pangkalahatan, ang bandila ay ibinibigay sa malapit na kamag-anak, bilang alaala, pagkatapos itong gamitin sa oras ng serbisyo sa libing. Kung walang malapit na kamag-anak, aayusin ng VA ang bandila para sa kaibinigan na hihiling para dito. Para sa mga pambansang sementeryo ng VA na may mga Bandila ng Kalsada, ang mga pamilya ng mga Beterano na inilibing sa mga pambansang sementeryo ay maaaring magdonasyon ng mga bandila sa burol ng kanilang mga mahal sa buhay upang iwagayway sa mga bayaning piyesta ospiyal.

Ang mga kapansanan na tinukoy ng VA na magiging kaugnay sa iyong serbisyo sa sandatahang lakas ay magdudulot ng buwanang bayad na walang buwis, pag-enrol sa

VA health care system, ang 10- puntos na pagpipilian sa pagkuha ng empleyado para sa pederal na pagtatrabaho at iba pang mahahalagang benepisyo. Tanungin ang iyong VA

na kinatawan o kinatawan ng Veterans Service Organization tungkol sa Bayad sa Kapansanan, Pensyon, Health Care, Caregiver

Program, Mga Serbisyo sa Pagtatrabaho, Tulong Pang-edukasyon, Garantiya sa Home Loan, Seguro at/o Mga Sinusustentuhan at Benepisyo

ng Nakaligtas.



U.S. Department  
of Veterans Affairs



---

## PAANO KA MAAARING MAG-APPLY?

Maaari kang mag-apply para sa bandila sa pamamagitan ng pagkumpleto sa [VA Form 27-2008](#), *Aplikasyon para sa Bandila ng Estados Unidos para sa Layunin ng Burol*. Ang mga Panrehiyong Tanggapan at Post Office ng Estados Unidos ay ang mga pangunahing lugar na nagbibigay ng mga bandila sa burol. Tumawag at kumpirmahin sa post office nang maaga dahil hindi lahat ng post office na lokal ay mayroong nakahandang mga bandila sa burol.

## MAAARI BANG PALITAN NG BANDILA SA BUROL?

Pinahihintulutan ng batas nag magbigay ng isang badila para sa libing ng Beterano. Hindi namin iyon mapapalitan kung nawala, nasira o ninakaw. Gayunpaman, ang ilang mga organisasyon ng Mga Beterano o iba pang grupong pangkomunidad ay maaaring tumulong na kumuha ng isa pang bandila.

## PAANO IDI-DISPLAY ANG BANDILA SA BUROL?

Ang wastong paraan ng pag-display sa bandila ay depende kung ang kabaong ay bukas o nakasara. [Ang VA Form 27-2008](#) ay nagbibigay ng wastong pamamaraan sa pag-display at pagtiklop ng bandila. Ang bandila sa burol ay hindi angkop na idisplay sa labas dahil sa sukat nito at tela. Ito ay yari sa bulak at madaling masira ng panahon.

